

# 1

“I’m on my way!” Dinig na dinig ang sigaw na iyon ni Zia sa maluwang na pasilyo ng ospital. Nagmamadali siyang naglakad patungo sa kuwarto ng kanyang hipag. Her sister-in-law gave birth to her first baby. At kanina pang hindi mapakali ang Kuya Zanjoe niya.

“Oo na, oo na! Binibilisan ko na! Kung makakalipad lang ako, ginawa ko na, eh.” May pagkainis sa himig niya. “Kuya, anong number nga ng room ni Ate Pia?” Sinabi nito ang numero. “Okay, I got it. See you later.”

Napangiti siya nang makita ang kuwartong hinahanap. Kumatok siya at agad na binuksan ang pinto. Gayon na lang ang gulat niya sa nabungaran. Hindi niya nagawang humingi ng paumanhin dahil sa lalaking umagaw sa atensyon niya.

Masuyo itong nakangiti habang nakatunghay sa babaeng halatang natutulog. Marahan nitong hinaplos ang pisngi ng babae, pagdaka’y hinalikan ito sa noo. For a moment, it felt like she was watching a romantic movie.

Hindi niya mapapalampas ang punung-puno ng emosyon at nakaka-in love na eksenang iyon. Kusang

umangat ang mga kamay niya at hinawakan ang *Nikon* camera na nakasabit sa leeg niya. Dahil sa flash at mahinang shutter sound na nilikha ng camera ay biglang napalingon sa gawi niya ang gulat na lalaki.

“Who are you?”

Napakurap siya nang masalubong ang naniningkit na mga mata nito. Napalunok siya at napaatras nang tumayo ito. He looked like he was going to eat her alive. Kaya sa halip na sumagot ay agad siyang tumakbo palabas. Narinig pa niya ang pagsigaw nito nang sumunod ito sa kanya.

Gosh, she'd never imagined herself running like a culprit in a hospital hallway before.

“Come back here!” habol nito.

Lalo niyang binilisan ang pagtakbo. Hindi siya maaaring magpahuli. Ano ba ang naisipan niya't ginawa niya iyon? Ipinagpapasalamat niyang agad na bumukas ang elevator at agad siyang nakasakay roon.

Hinihinal pa siya habang nanginginig na napasandal sa dingding ng elevator. Pagkuwa'y bigla siyang natawa. Kung anu-anong kalokohan ang ginagawa niya. Binistahan niya ang kanyang camera.

Napangiti siya sa nakita. Perfect talaga ang nakuha niyang eksena. Pasadong cover ng isang pang-bestseller na romance novel. Kahit na hindi masyadong malinaw ang mukha ng dalawang kinunan niya ay kitang-kita pa rin sa litrato ang kakaibang emosyong hinahanap niya.

Photojournalist siya sa isang sikat na magazine sa bansa. Kung sakaling gamitin niya ang litrato...

Napailing siya. Of course she couldn't do that. Baka magdemanda iyong lalaking humabol pa talaga sa kanya. She sighed.

*Sayang.*

---

“Akala ko hindi ka na darating.”

Iyon ang ipinambungad ni Zanjoe sa kanya pagkapasok na pagkapasok niya sa kuwarto ni Pia.

“Nawala ako dahil mali ang room number na ibinigay mo. 'Tapos ako pa'ng sisihin mo ngayon dahil late ako?”

Napahagikgik si Pia dahil agad na natahimik ang kuya niya.

“Thanks for coming, Sis,” sinserong saad nito.

“Pagpasensyahan mo na ang kuya mo. Natataranta pa kasi iyan, eh. Sobrang OA sa pagiging first time daddy.”

Nagkatawanan sila lalo na nang napasimangot si Zanjoe.

“You’re always welcome, Ate Pia.” Lumapit siya at naupo sa tabi nito. “Where’s my lovely Pauline?”

“Nasa nursery na, eh.”

“Kuya, bantayan mo muna si Hipag. Sisilip muna ako sa pamangkin ko,” baling niya sa kapatid.

“You should make your own baby para hindi ka nakikisilip lang sa baby ng my baby.”

“Don’t start!” nakaingos na sikmat niya.

“Umalis ka na nga! Bumalik ka na sa opisina mo. Mamaya sisihin mo pa ako dahil na-late ka sa deadline mo,” ingos ni Zanjoe.

“Talaga! Pasalamat ka at excited ako kay pamangkin kaya nagpunta talaga ako dito,” ganting biro niya.

“Oo na. Alis na! Pakasalan mo iyang trabaho mo.”

Natatawang iniwan niya ang nakangiting kapatid at hipag. Bihira na niyang makita ang mga ito. Bukod

kasi sa busy siya sa trabaho ay nakabukod na siya ng tirahan mula pa nang pumanaw ang parents nila.

Excited na siyang makita ang Pamangkin. Malapit na siya sa nursery nang mapatigil siya sa paglalakad dahil sa pagsulpot ng isang batang lalaki sa harap niya. Gulat na natumba ang bata dahil sa banggaan nila. Nag-aalalang dinaluhan niya ito.

“Are you okay?” she worriedly asked.

The cute little boy grinned and nodded. “Yes.”

“That’s a relief. ’Asan ang kasama mo?” Napatingin siya sa likuran nito. “Mag-isa ka lang ba?” He looked about seven or eight years old. Inalalayan niya ito patayo.

“Hindi po. I am with my Tito and my cousin Kean.” Pagkasabi nito niyon ay agad na lumapit ang isa pang batang lalaki sa tabi nito. “He’s my younger cousin.” Nasa lima hanggang anim ang edad nito.

“Hi, nice to meet you,” nakangiting bati niya sa bagong dating.

“Why are you so pretty?” inosenteng tanong nito.

She blushed at Kean’s innocent compliment. “Why are you so cute?” ngiti niya.

Awtomatikong hinagip ng mga kamay niya ang camera at mabilis na kinuhanan ng litrato ang dalawa.

“You look good on pictures, too!” puri niya.

“Do you have a boyfriend?” tanong ulit ni Kean.

“No,” nakangiti pa ring sagot niya.

“Kuya Jun-jun, wala daw siyang boyfriend,” anito sa kasama. Ngumisi ang magpinsan sa isa’t isa.

“We’ll grow fast, ’tapos mag-uunahan kaming ligawan ka. Okay lang ba iyon?” ani Jun-jun.

“Palapit si Tito rito,” ani Kean.

And as fast as lightning, nagtakbuhan ang dalawa palayo sa kanya.

Matawa-tawa niyang hinabol ng tingin ang mga ito na nag-unahan sa pagtakbo patungo sa elevator. She glanced at her wristwatch. Hindi siya puwedeng magtagal sa ospital.

May trabaho pa siya. Ipinagpatuloy niya ang paglalakad. Pero sa pangalawang pagkakataon ay muli siyang napatigil. Startled, she gasped. Isang mahinang ‘sorry’ lang ang ibinigay ng nakabangga sa kanya at naglakad na ito palayo. Ni hindi man lang

lumingon sa gawi niya ang lalaki.

*Bastos*, inis na naisaloob niya.

Kahit paano'y nabawasan ang inis niya nang makita mula sa glass window ng nursery room si Pauline. She felt very much pleased and happy while staring at her beautiful niece. Kamukhang-kamukha ito ng Kuya Zanjoe niya.

“Ang ganda niya. Kaano-ano mo siya?”

Napalingon siya sa babaeng nagtanong. Nasa tabi niya ito na mukhang may sinisilip rin mula sa bintana.

“Pamangkin ko,” she answered.

Mula sa gilid ng kanyang mga mata ay palihim niyang pinagmasdan ang babae. May kapayatan ito, pero bakas pa rin sa mukha ang kariktang hindi nagawang itago ng pagkahumpak ng mga pisngi nito. She had round and vibrant eyes. Pero mukha itong malungkot. Mayamaya'y umalis na ito.

Napakibit-balikat na lang siya. Sinundan pa niya ito ng tingin habang naglalakad palayo. Noon niya napansin ang suot nito. She was wearing a hospital dress. Pasyente ito?

She shook her head as she glanced at the time.

She had to leave. Napakislot siya nang maramdaman ang pagtabi ng isang pigura sa gawing kanan niya.

“Those brats are killing me! Dammit, Ben, bakit ako ang kailangang magbantay sa mga batang iyon? And Ate Liz isn’t even picking up her phone.”

Nanlaki ang mga mata niya nang marinig ang tinig nito. Kahit hindi niya ito lingunin ay hindi niya maaaring ipagkamali ang boses na iyon. Napapikit siya nang mariin nang mapagtantong ito ang lalaking kinuhanan niya ng litrato kanina. At ito rin mismo ang nakabangga sa kanya!

She winced inwardly.

Frowning, he turned to her. “I’m looking at Riggor through the window,” anito.

Mabilis niyang ibinaling ang mukha palayo rito. Baka makilala pa siya nito. Kapag nagkataon ay patay siya. She clasped at her *Nikon D700*, na nakasabit sa leeg niya. *Damn!* Tatakbo ba siya o magkukunwaring hindi ito namukhaan?

*Ano’ng gagawin ko?*

Pinakiramdaman niya ang lalaki. She looked around, humahanap ng tiyempo para makaalis nang hindi nito napapansin. She inhaled deeply. Mula



sa glass window ay binistahan niya ang malabong hitsura ng lalaki at ang ginagawa nito. He seemed not to notice her presence.

Dahan-dahan siyang pumihit patalikod para umalis. Saka niya nakasalubong ang dalawang batang nakilala niya kanina.

“Oh, it’s the pretty lady from before!” bulalas ni Kean.

“H-hi,” halos pabulong niyang bati. Ayaw niyang makuha ang atensyon ng lalaki sa tabi niya.

“Why are you whispering?” nagtataakang tanong ni Jun-jun.

Kean also gave her a puzzled stare.

Nanlaki ang mga mata niya dahil sa tanong na iyon.

Sunud-sunod ang iling niya. “I gotta go. ’Bye!”

“But where are you going?” ani Kean.

“Kean? What are you—” Kagaya niya ay natigilan din ang lalaki matapos itong lumingon sa gawi nila.

Napalunok siya nang di oras nang makita ang pagdaan ng recognition sa mga mata nito. “I r-really gotta go.”

“Ikaw?”

Ang nang-uusig na tinig nito ang nagpatigil sa kanya sa pag-alis. Lalong tumalim ang mga mata nito nang madako ang tingin sa hawak niyang camera.

“W-what are you saying? A-anong ako?” Nagkunwari siyang natatawa.

Tumingin ang lalaki sa dalawang bata sa harapan niya. “Do you two know her?”

Sabay tumango ang dalawang bata. “Yes, Tito. We met her a while ago. Noong tinatakbuhan ka namin.”

He eyed her suspiciously. “Did she take a picture of you, too?” He was asking the boys, pero sa kanya ito nakatingin—more particularly—sa camera niya.

“Opo. Sabi pa nga niya, ang guwapo daw namin sa picture,” nakangiting sagot ni Kean.

Lalong naging mabalasik ang anyo ng lalaki. “Go back to your mom’s room, Kean. Jun-jun, samahan mo ang pinsan mo,” mariing utos nito.

Nagkibit-balikat ang dalawa bago tumalima at umalis. All she did was smile like a fool while waving at the boys. Kinakabahang nagpalinga-linga siya sa paligid.

“Don’t even think of running away from me.”

Napaubo siya sa banta nito. “Bakit naman ako tatakbo, Mister? Teka nga, h-hindi kita kilala. You don’t have a right to detain me.”

“Oh, hindi mo ako kilala?” he asked sarcastically. “Kaya ba kinuhanan mo ako ng litrato kanina nang walang paalam?” mahina ngunit mapanganib nitong tanong. He leaned toward her.

Napaatras siya at napalunok. “H-hindi ko alam ang sinasabi mo,” iling niya.

“Give me your camera.”

Humigpit ang hawak niya sa kanyang pinakamamahal na camera. “Why should I do that?”

“Ibibigay mo sa akin iyan o idedemanda kita.”

“A-at bakit mo ako idedemanda?”

Naglabasan ang litid nito sa noo at nagtagis ang mga bagang. Napahawak ito sa batok na animo’y aatakehin ng alta presyon. “Just give me that camera.”

Tinitigan niya lang nang masama ang kamay nitong nakalahad sa harap niya. “This camera is mine.”

“Then erase my picture in it.”

Napasimangot siya. “Ayaw mo bang sumikat? I can publish your sweet picture and—”

“Do that and you’re dead!” Marahas nitong hinagip ang braso niya, dahilan para mapasinghap siya nang malakas. “Just do as I say. Give me the camera.”

“Y-you’re hurting me.”

“Give me the camera, now.”

Nagpalinga-linga siya sa paligid nila. Bukod sa dalawang babaeng abala sa pagchichikahan sa gawing likuran ng lalaki at sa nurses na panakanakang dumadaan sa likod niya ay wala nang iba pang taong maaaring makakita sa pangha-harass ng lalaki sa kanya.

“Fine. I am willing to erase your picture.”

“I changed my mind. I want you to give me that camera, right now.” Hindi pa rin nito binibitiwan ang kamay niya. At lalong humihigpit ang hawak nito sa tuwing pumipiksi siya at nagtatangkang kumawala rito.

“Hindi puwede! All the pictures I’ve collected are here,” mariing tanggi niya. At hindi siya tanga para ibigay rito ang pinakamamahal niyang camera.

“What pictures?” Lalong naging mapanganib ang tono nito. “Tell me, anong pictures iyon?”

Nanlaki ang mga mata niya dahil sa ginawa nitong pagsinghal. Napalington na sa gawi nila ang mga taong nasa paligid.

“B-bitawan mo ako, ano ba?” namumula ang mukhang piksi niya.

“Isn’t he Artemio?” Narinig niyang anas ng isang babae sa likuran ng lalaking kaharap niya.

Iritableng napangiwi ang lalaki bago siya binitawan. Ngunit agad din nitong ginagap ang kamay niya kaya hindi pa rin siya nakatakbo.

“Artemio De Calibre?” bulalas ng isa pang babae.

Noon nagsimulang magbulung-bulungan ang mga tao, kabilang na ang nurses na naroon. Hinigit siya ng lalaki at mabilis na hinila palayo sa mga nag-uusyosong tao.

“He’s with a different girl again?” pahabol na komento ng isang nurse.

Nang mapansing nagsilabasan ng cellphones ang mga tao ay mabilis siyang nagtakip ng mukha at tumalikod sa mga ito. Napailing nang ilang beses ang lalaki bago nagsimulang hilahin siya patakbo sa

elevator na papasara na. Pagkasarang-pagkasara ng elevator doors ay hinarap siya nito.

“Camera mo lang ang kailangan ko.”

“Bakit ba gusto mong kun—” natutop niya ang bibig.

Pinakatitigan niya ito. With his wavy hair, his ruggedly handsome face and his famous amber eyes—malinaw na sa kanya kung sino ang kanyang kasama.

“Artemio De Calibre!” she exclaimed. Her eyes widened in disbelief.

He was a famous painter and an art director. He ran the *De Calibre Picturesque Palette*—a successful company that exhibited the best art works in town.

“Your acting is quite good, but not that convincing. I hate people taking pictures of me without my permission and I hate people meddling with my personal affairs.”

Agad niyang naalala ang babaeng kasama nito kanina sa loob ng kuwarto. Natutop niya ang bibig. Secret lover kaya nito iyon? Lalong nanlaki ang mga mata niya nang maalalang may sinisilip itong bata sa nursery room kanina.

*May anak na ito?*

“I don’t like that creepy look on your face,” anito.

“H-hindi ko intensyong panghimasukan ang personal affairs mo. H-hindi ko rin sinasadyang kunan kayo ng litrato kanina. Call it... instinct.”

“Instinct, huh?”

Napabuntong-hininga siya. “I am a photojournalist. And what I saw a while ago was picture perfect. It exuded love and tenderness. It’s a scene that is very hard to ignore, or find for that matter. It’s the kind of picture that could tell a thousand words.”

“You sound like a song,” he mocked.

Naningkit ang mga mata niya sa pang-uuyam na nasa tono nito. “It’s also called photojournalism. A photo with words and action.”

“All I need from you is your camera, not lessons on picture taking,” pasupladong saad nito. “Why are you even explaining?”

“And there was I, thinking you were an artist.”

“I am an artist, a handsome painter at that.”

“You really have nothing to worry about. Hindi recognizable ang mukha ninyo ng kasama mong

babae sa picture.”

“Ibibigay mo ba sa akin iyan, o kailangan ko pang gumamit ng ibang paraan para makuha iyan sa 'yo?”

Napaatras siya nang lumapit ito sa kanya. “B-bakit, ano'ng gagawin mo sa akin?” She was near the doors, she could always run once the elevator opened. Iyon nga lang, hindi niya kontrolado ang pagbukas niyon.

Natatarantang iniharang niya ang mga kamay sa harap niya. “Sisigaw ako,” banta niya.

“Di sumigaw ka.” Lumawak ang ngisi nito. Nagpatuloy ito sa paglapit. “Sige, sigaw na.”

Sa halip na sumigaw ay hinawakan niya ang kanyang camera at nagsimulang kuhanan ito ng litrato.

“Stop it, you little vixen!” Nagtakip ito ng mukha. “Kapag may lumabas akong picture na kasimpangit ng mga kuha mo, lagot ka talaga sa 'kin.”

Laking tuwa niya nang bumukas ang elevator.

“Puwes, ikakalat ko itong mga pangit mong pictures!”

Pagkasabi niyon ay tumalilis siya. Paglingon ay



*Sweet Scandal - Eunice Xyra*

---

nakita niyang kasunod niya ito, pero naantala sa dami ng tao sa lobby ng ospital. She mockingly took another shot of him before leaving.

## 2

“Come on Zia, you need a break.”

She rolled her eyes as she turned around to face Janice, her best friend. “Stop it, Jan. Huwag mo akong kausapin. I am working,” taboy niya.

“You are always working. Puro ka trabaho. Hindi na nakapagtataakang hanggang ngayon ay wala ka pa ring...”

Natigil siya sa pag-aanalisa sa mga litrato at inis na hinarap ito. “Don’t even say it,” she warned. “I’m not yet ready. You know that.”

“When will you be ready?”

“Let’s end it here.” She sighed at ibinalik ang tingin sa mga larawang nasa mesa niya.

“I’m sorry, Zia.”

“No, that’s not it. Hindi lang ako kuntento dito.” Napasimangot siya. Sana puwede niyang gamitin iyong picture na nakuha niya sa ospital.

*Sayang.*

Lumapit ito sa mesa at binistahan ang mga

litrato. “Maganda naman, ah? Sagada is lovely and captivating.”

Hawak nito ang larawang kuha niya tungkol sa wild horses sa nasabing lugar. May mga kuha rin siya sa pamosong *Hanging Coffins* ng Sagada.

“May nakuha akong magandang magazine cover para sa theme natin.”

“I get you. February ngayon. Love month. Hindi puwede iyang hanging coffins mo at wild horses.”

“Nevermind.” She rolled her eyes.

Nasa opisina sila ng *Manila Empire*. Staff photographer sila roon.

“Here comes the boss,” bulong ni Janice.

“In my office, Zia,” ani Eddie.

Nagkatinginan sila ni Janice. Nagkibit-balikat ito.

“Sa tingin mo pagagalitan niya ako kasi hindi ako nakaabot sa deadline na ibinigay niya?” tanong niya.

“Maybe he just wants you to realize that you really need to consider having a family right now. Hindi ka na bumabata at malapit nang mag-expire iyang matris mo.”

Inis na napabuga siya ng hangin. “Shut up! Hindi magandang joke iyan. It’s not even funny.” Sinundan niya ang chief editor nila.

“Sit down, Zia.”

“Thanks. Anything wrong, Sir?” tanong niya matapos makaupo sa harap nito.

“I’m giving you another assignment.” Binuksan nito ang drawer at may inilabas na folder mula roon.

Kinuha niya ang folder at binistahan ang laman niyon.

“Aurora De Calibre will be celebrating her eightieth birthday next week. The old woman invited the press. Luckily, nakakuha tayo ng spot. You are going.”

Parang nanlaki ang ulo niya sa narinig. “Sir, I really appreciate it. But I am a wildlife photojournalist. Bakit ako ang ipapadala n’yo doon? Why not Erika or Alona?”

“Dahil ikaw ang pinakamahusay na photojournalist natin dito, Zia. You’re also a great columnist. Alam mo na laging hot topic ang celebration ng doña. We can’t afford to be whitewashed by other publications,” sagot nito.

“P-pero, Sir—”

“Alam mo kung gaano kahirap ang makapasok sa *De Calibre Mansions*, hindi ba? At alam kong alam mo rin na isang malaking oportunidad para sa 'yo ang makadalo doon. Pero parang bakit ayaw mong pumunta?”

Napipilan siya sa tanong nito. Of course, she couldn't tell her boss about Artemio De Calibre. Kapag nalaman nitong nakuhanan niya ito ng litrato ay natitiyak niyang pipilitin siya nitong ilabas iyon. Which of course, would put her on a very tight spot.

“Do I have a choice?”

“No,” nakangiting sagot nito.

Nanghihinang lumabas siya sa opisina nito. Paano niya ngayon haharapin si Artemio? Tiyak na babalatan siya nito nang buhay kapag nakita siya nitong pakalat-kalat sa mansion nito.

“O, bakit ganyan ang hitsura mo? Pinagalitan ka ba ni Sir?” tanong ni Janice.

“I'm going to the De Calibre's party.”

“No way!” At nagtilian ang mga kasamahan sa opisina. Halos marindi siya sa sigawan ng mga ito.

“Stop it, okay?” nakalabing saway niya.

“Aren’t you happy, na ikaw ang napiling papuntahin doon para mag-cover ng event?” tanong ni Alona.

“I am happy.”

“Sa lahat ng masaya, ikaw ang nakasimangot.”

“Janice...”

“Congrats, Sis, you deserve it. Galingan mo, ha?”

“Thanks.”

*Goodluck nga sa akin, lalo na kapag nakita ako ng Artemio na iyon.*

---

Humihikab na isinara ni Zia ang hawak na libro. Katatapos lang niyang basahin ang *My Neighbor From Hell* na isinulat ng isa sa pinakapaborito niyang manunulat na si Zaira. Marahan niyang iniunat ang nangawit na mga kamay at tumayo mula sa puwesto niya sa veranda.

It was a Sunday. Bihira siyang magkaroon ng ganitong quality rest time. Kaninang umaga ay galing siya ulit sa ospital dahil lumabas na ang hipag niya kasama si Baby Pauline. Pero sa halip na sumama sa

mag-anak pauwi ay dumerecho siya sa bahay niya.

She glanced at her wristwatch. Alas tres y media na pala ng hapon. Inilapag niya ang libro sa mesa sa harapan niya.

Napaigik siya nang maramdaman ang pananakit ng kanyang katawan. She grumpily sighed. Mas magkakasakit yata siya kapag wala siyang ginagawa. Patungo na siya sa kusina nang makarinig ng kakaibang ingay mula sa labas. Natigil siya sa paglalakad at matamang pinakinggan iyon. She was on the verge of ignoring it when something odd caught her ears. Kinakabahang napahawak siya sa kanyang dibdib.

Of course, it's not possible. Pilit niyang kinukumbinsi ang sarili. She shakily laughed her fright out. Ilang sandali pa siyang nag-atubiling tingnan kung ano iyon, hanggang sa hindi na niya napaglabanan ang kuryosidad.

Dahan-dahan niyang tinungo ang pinto at binuksan iyon. At halos panawan siya ng ulirat nang makita kung ano ang lumilikha ng ingay sa labas ng pintuan niya. It was a baby boy! She stared back at the baby in the basket in shock.

Mabilis niyang iginalala ang mga mata sa labas ng

bakuran niya. She was hoping that she could still see the person behind the child's sudden appearance, but to no avail. She desperately looked at the baby. He was still crying. Napaungol siya.

“What am I gonna do with you, little imp?” she helplessly asked.

Malayo ang mga kapit-bahay niya. Well, she wanted peace. Now she wanted help. Ilang beses siyang napamura sa isip.

“Kung sino ka mang nag-iwan na lang basta dito sa bata, makonsyensya ka!” sigaw niya. “Hindi ako marunong mag-alaga ng baby. Wala rin akong ka-amor-amor sa mga bata. Mahihirapan lang sa akin ang anak mo. Kunin mo na siya!” she ranted.

Nang makitang namumula na ang mukha ng bata ay lalo siyang nataranta. Binuhat niya ang baby basket at ipinasok ito sa loob ng bahay niya. She reached for her phone and started calling Janice.

“H-hello, Janice? Oh my God, I need your help.”

“Zia? Are you okay?” bungad nito.

“You wouldn't believe this,” umpisa niya. She took a deep breath and looked at the baby who hadn't stopped crying. “There's a baby!” she exclaimed.



“A b-baby? Oh my, you’re pregnant?”

She groaned. “Of course not. I mean, I have a baby. May nag-iwan ng bata sa doorstep ko. Umiiyak siya! And I don’t know what to do.”

“Wait, is that really a baby I am hearing right now?”

“Yes. And I need you to come here quick! Kung hindi ay mamamatay ako,” saad niya. “And you,” baling niya sa bata, “stop crying. Kung ayaw mong ilabas ulit kita!”

---

“Having a baby is like suddenly getting the world’s worst roommate. Tama si Anne Lamott, di ba?”

“Right.” Hapong napahiga siya sa kama.

Mariin siyang napapikit nang makita ang batang karga ng kaibigan niya. Finally, he was asleep. Mabuti at naisipan ni Janice na magdala ng dede ng anak nito. Gutom na pala ang baby *niya*, kaya hindi tumitigil sa pag-iyak.

“Oh my, he’s so cute. Kay guwapong bata.”

Kahit paano’y napangiti siya sa sinabi nito.

Indeed, the little guy was cute. Maputi ito at itim na itim ang bilugang mga mata. He had chubby and rosy cheeks. “Buti ’ka mo at cute iyan, kung hindi ay naku talaga.”

“Huwag kang ganyan, Zia. Mag-e-eight months old na siguro ito, kaya malamang nakakaintindi na. Naririnig niya ang sinasabi mo.”

“Dahil sa kanya, ang dami kong hindi puwedeng gawin. This is my house—”

“Ano ka ba?” Janice hissed. “I told you to tone down your voice, didn’t I? Sinabi nang sensitive ang mga bata.”

Natahimik siya sa pananaway nito. She watched Janice as she swayed with the baby in her arms. Kinakantahan rin nito ang bata na agad tumahimik at bumalik sa pagtulog.

“Sana lagi na lang siyang tulog,” bulong niya at umayos ng higa sa kama.

“He can’t sleep forever. Lalo na kung kagaya mong tamad maghele ng bata ang mag-aalaga sa kanya.” Janice placed the baby beside her. Marahan siyang tumayo. “Hindi ka mangangati kapag nadikitan ka ng guwapong batang ito,” natatawang saad nito.

Napasimangot siya. “Janice, hindi siya puwedeng manatili sa poder ko. I can’t stand babies.”

“Eh, ano’ng gusto mong gawin sa bata? Itapon din gaya ng ginawa ng nag-iwan sa kanya?”

“O-of course not.” Bigla siyang na-guilty. “Puwede ko siyang dalhin sa *DSWD*. O kaya ay sa isang orphanage, di ba? I don’t know.”

“I can’t believe you’re my friend.”

She looked away. “Mas mabuti na iyon kesa nasa akin siya.”

“Alam kong alam mong hindi iyan ang makakabuti sa bata,” mariing sambit nito. “Right, Zia?”

“But he can’t stay with me. I have to find his real mother. That or turn him over to the system.”

Narinig niya ang mabigat nitong pagbuntong-hininga. “Kung iyan ang pasya mo, wala akong magagawa. Pero paano mo hahanapin ang nanay niya?”

Napatingin siya sa basket na kinahihigaan ng bata kanina. “I don’t know. Ni hindi ko nakita kung sino ang nag-iwan sa kanya sa harap ng pintuan ko.”

“Dito ba siya inilagay sa basket?” Nilapitan iyon

ni Janice at maingat na binistahan. “Grabe, sinong matinong tao ang magsisilid ng baby niya sa isang basket na gaya nito?”

Magkapanabay silang napailing. “Ewan ko. Iyan nga din ang iniisip ko, eh. How irresponsible,” she sneered.

“T-teka, what’s this?” nagtatakang tanong nito. May hinigit itong papel.

“H-ha?” Lumapit siya rito. “Sulat ba iyan?” bulalas niya.

“Malamang,” anito. Iniabot nito ang papel sa kanya. Binuksan nila iyon at binasa.

“W-what?” Gulat si Janice. “Si Artemio De Calibre ang ama ng bata?”

Well, iyon ang nakasaad sa sulat na hawak niya. Ipinagpatuloy nila ang pagbabasa. Halos mapasabunot siya sa sariling buhok nang mabasa ang iba pang nilalaman ng sulat.

“Of all people, bakit sa akin pa niya ibinigay itong anak niya? This is crazy. I don’t even know the De Calibres!”

Nagdududang napatingin si Janice sa kanya. “Baka naman may itinatago ka sa akin?”

Napaismid siya. “At ano’ng itatago ko sa ’yo, aber?”

“Malay ko, baka may past kayo ng Artemio na iyan.”

“Puwede ba?”

“Eh, bakit sa ’yo iniwan iyang bata? At hanep pa sa request, ha. *‘Pakibigay ang anak ko kay Artemio De Calibre.’* Parang nakikisuyo lang ng gamit.”

“She could’ve directly handed over this baby to him.”

“Alam mo, kung ako ang nanay niyang bata, dinala ko agad siya kay Artemio at pinilit iyong tao na pakasalan ako. Mantakin mo, sobrang yaman na, napakaguwapo pa.”

“Pagpunta ko sa mansion ay isasama ko ang batang iyan at ibibigay kay Artemio De Calibre. Siya ang dapat mag-alaga sa anak niya at hindi ako. Tingnan natin kung uubra ang kaguwapuhan at kayamanan niya pag nakita niya iyang anak niya,” nakangising saad niya.

---

She was determined to deliver the baby to his father. Gusto niyang ipasa ang paghihirap sa pag-

aalaga ng bata sa lalaking iyon. At gustung-gusto rin niyang iparamdam kay Artemio kung gaano kahirap maging isang magulang. Nanggagalaiting ibinagsak niya ang hawak na feeding bottle sa mesa at napatingin sa bata.

“Bakit ba ayaw mo pa ring tumahan?”

Pumalahaw ng iyak ang bata dahil sa pagsigaw niya. Ever since he woke up about an hour ago, wala na itong ginawa kundi ang umiyak at pasabugin ang eardrums niya. She heaved a sigh.

“Look, binigyan na kita ng gatas, pero ayaw mo. What do you want me to do? God, I’m going crazy.” Dinampot niya ang telepono at tinawagan si Janice. “Pick up please.”

“Hello?”

“Thank God, sumagot ka rin,” relieved na bungad niya sa humihikab na kaibigan. “Help me, please.”

“Gosh, Zia. Alas doce y media na. May anak din ako kaya puyat ako, girl.”

“Correction, Janice. Hindi ko anak ang baby na nasa akin. At nagising siya. And he won’t stop crying.”

“Sinubukan mo ba siyang kargahin?”

“What do you mean kargahin? Ipinagtimpla ko na siya ng gatas, pero ayaw niyang dumede.”

“Zia, kapag nagigising ang mga bata, you have to pick them up sometimes. Kailangang ipaghele mo para subukang patahanin.”

Nalukot ang ilong niya. “P-pero hindi ako marunong maghele. Baka maihulog ko lang siya.”

“You have to try. Kahit na gusto kitang puntahan ngayon diyan, I can’t.”

Bigla siyang nahiya sa pang-iistorbo rito. Alam niyang napupuyat din ito dahil sa pag-aalaga nito sa bunso nitong kakaisang taong gulang pa lang. Dalawa na ang anak nito. Her eldest was five.

“S-sorry sa istorbo.”

“Hey, hindi iyan ang ibig kong sabihin.”

“It’s okay. Naiintindihan ko. I’m fine. Hanggang mamaya na lang naman mananatili sa poder ko ang bata, eh. Malapit ko na siyang ibalik.”

“Maybe he’s wet. I left some diapers there. Baka kailangan mo siyang palitan. I’m sorry, Zia. Wala akong maitutulong this time.”

“Ano ka ba? Sige, matulog ka na. Good night.”

Malungkot niyang ibinalik ang wireless phone sa mesa. The baby was still crying. Napabuntong-hininga siya bago nagpasyang lumapit sa bata. “First time kong bubuhat ng bata, ha? Kaya huwag kang malikot.”

Nakapagtataakang tumigil ito kaagad sa pag-iyak, tila ba naintindihan nito ang sinabi niya. He stared at her.

“Good boy. I like it when you’re not crying.” Dahan-dahan niyang hinawakan ito sa likod. Nanginginig ang mga kamay na sinubukan niyang buhatin ito.

“Good. Don’t move or I might drop you.” She managed to cradle him in her arms. Napakurap siya sa paghagikgik nito. “What’s funny?”

Nagpatuloy ito sa paghagikgik. Napangiti na rin tuloy siya. Strange, pero parang gumaan bigla ang pakiramdam niya dahil sa tawa nito. Niyakap niya ito habang nakatayo siya. She started pacing in her room, as if in a slow dance. She started humming, too.

Tuloy-tuloy na ngang tumahimik ang bata. “How can your mother leave you... just like that?” bulong niya. “Don’t worry, bukas ay makikilala mo na ang daddy mo. Masama ang ugali niya, pero okay lang,



guwapo at mayaman naman siya. Puwede siyang mag-hire ng madaming yaya para sa 'yo. Hindi ka niya pababayaan. ”

Nagpatuloy siya sa pagsasalita. Mukhang natutuwa kasi ito sa kadaldalan niya dahil hindi na ito umiyak ulit. “Habang nasa akin ka pa, I’ll give you a name,” nakangiting saad niya. “Ano kaya ang bagay sa 'yo?”

Lumapit siya sa kama at inihiga ito roon. He didn’t cry. Tumawa pa nga ito at nagpakawag-kawag. She made funny faces, na lalo nitong ikinatuwa.

“Dahil guwapo ka, papangalanan kitang... Nikkon.” Ngumiti si Nikkon. Kaya napangiti rin siya. “Do you like it? Ang ganda, di ba? Kapangalan mo iyong pinakamamahal kong camera.” Humiga siya sa tabi nito. “Huwag ka nang iiyak, ha? Matutulog na tayo,” bulong niya.

---

“Welcome to the *Center Mansion*.”

Excited na nagsitayuan ang lahat dahil sa anunsyo ng driver. Isang shuttle bus na ipinadala ng mga De Calibre ang sumundo sa kanilang mga taga-media mula sa airport. Nag-unahan sa pagbaba ang mga kasama niya habang siya ay nakatitig sa katabing

baby carrier. Ibinili niya ng mas komportableng makeshift bed si Nikkon.

“Ma’am? Wala pa po ba kayong balak bumaba?”

Napakurap siya at aligagang napabaling sa driver. “Ah, y-yes. Sorry.” Dali-dali siyang umibis ng sasakyan.

Sa halip na pumasok sa loob upang maghanap ng maayos na puwesto para sa pagkuha ng mga larawan ay nanatili siyang nakatayo sa labas ng mansion. Tiyak na sasakalin siya ni Eddie oras na malaman nitong sa halip na magtrabaho ay nagdala siya ng baby roon. Napatingin siya kay Nikkon na naalimpungatan sa bitbit niyang carrier.

“Uh, not now,” she begged.

Sumilip siya sa glasswall ng mansion. Bagaman wala pa ang mga De Calibre ay marami nang tao sa loob.

Nagtatrabaho na ang mga kasabayan niya. And she couldn’t even work because of Nikkon. Mababaliw na yata siya. Napalingon siya sa bandang likuran niya. Nakakita siya ng bench sa di kalayuan. Mabuti pa ay maupo muna siya roon. Padededehin niya si Nikkon.

Abala siyang nagpapadede nang humimpil ang

isang limousine sa harap ng mansion. Nanlaki ang mga mata niya nang mapagsino ang mga lulan niyon.

The De Calibre Clan!

She hastily reached for her camera na nasa ibabaw ng baby bag ni Nikkon. Para lang matigilan. Frustrated na binitiwang niya ang camera.

“Bakit ngayon ka pa kasi nagising?” tanong niya sa pinapadedeng bata na nasa kanyang bisig.

Ibinalik niya ang tingin sa mga De Calibre. Nanlaki ang mga mata niya nang imbis na pumasok ay nagsilapitan ang mga ito sa kanya kasunod ang press.

“What are you doing here, young lady?”

Napalunok siya sa tanong ni Aurora De Calibre—ang tinaguriang doña ng makapangyarihang pamilya.

Tarantang napatayo siya. “N-nagpapadede po.”

“I can see that. Pero bakit dito ka nagpapadede?”

“Lola, stop terrorizing the poor girl. Pasensya ka na, ha? Ganito talaga manggulat si Lola,” said the pretty woman.

She recognized her as Liezel, ang panganay na apo ng matanda. “I-I’m sorry,” she quickly answered.

“I specifically invited intimate friends and reporters only. Why are you here, Hija?”

Namula siya sa prankang pag-iinteroga ng matanda. “I am from the *Manila Empire*, Ma’am.”

“Didn’t anyone tell you not bring a baby while at work?”

“I guess nobody did. Ano ka ba, Lola, bakit ka nagagalit? Birthday na birthday mo.” Si Artemio De Calibre ang nagsalita. Nakangiti ito at masuyo nitong hinalikan sa pisngi ang abuela.

Everybody was speechless. Artemio’s presence was really something. From nowhere, cameras flashed to catch a glimpse of him and the rest of the De Calibre family.

And why was her heart pounding like crazy?

“What brought you here?” baling ng lalaki sa kanya.

“Ikaw talaga ang sadya ko,” mahina pero maliwanag niyang sagot.

“Magkakilala kayo?” kunot-noong tanong ni Aurora.

“N-not really, Ma’am. Pero hinihintay ko po

talaga siya.”

“Bakit?” nagdududang tanong ni Artemio.

Napatingin siya sa mga tao sa paligid nila. “A-are you sure you want me to say it now?” she whispered.

Bilang sagot ay bumaling ito sa abuela at nagpaalam na kakausapin siya.

“Lola Au is going in. She’ll gladly entertain your questions,” pagtataboy nito sa members ng press.

Before leaving, Aurora gave her a thoughtful stare. Nakangiwing ngumiti siya rito. Nakahinga siya nang maluwag nang tuluyang makaalis ang mga tao.

“Bakit ka nandito?” ani Artemio.

Napatingin siya rito. Agad siyang sinalubong ng nakakunot nitong noo at nagtatagis na mga bagang.

“May kailangan akong ibigay sa ’yo.” Inalis niya ang feeding bottle sa bibig ni Nikkon dahil naubos na nito ang gatas. Ibinalik niya ang bote sa baby bag na nasa bench.

“Hindi mo ako maba-blackmail dahil lang sa pictures na nakuha mo. I am not scared, not a bit.”

“Hindi tungkol sa pictures ang ipinunta ko rito. Ito.” Inilapit niya rito si Nikkon.

Humagalpak ito ng tawa. “Are you kidding me? Bakit mo ako bibigyan ng bata?”

“Ibibigay ko talaga sa ’yo ang bata dahil anak mo siya.”

“You’re crazy!” sigaw nito.

Pumalahaw ng iyak si Nikkon. Nagulat marahil sa reaksyon ni Artemio.

# 3

“You heard me right. Anak mo si Nikkon.” Napailing ito, pagkuwa’y parang baliw na tumawa. “May ebidensya akong anak mo talaga siya.”

Noon ito natigil sa paghalakhak. Mataman itong tumitig sa kanya, tila inaarok kung nagsasabi siya ng totoo o hindi.

“This is not a good joke.”

“Hindi ko isasali ang sarili ko, lalo na ang trabaho ko para lang i-joke ang isang katulad mo,” asik niya.

“Paano ko naging anak iyan?”

“Malamang, nakipaglaro ka sa kama,” sarkastiko niyang sagot na nagpatalim sa tingin nito.

“So, sino ang ina ng bata?” Tumaas-baba ang tingin nito sa kabuuan niya at nakakalokong ngumisi. “Ikaw?”

“W-wala akong—”

“Hindi pa tayo naglalaro sa kama, hindi ba?”

Pinamulahan siya ng mukha. “At wala akong balak makipaglaro sa ’yo.” Naiinis na inilabas niya

ang sulat at iniabot iyon sa ngingisi-ngising lalaki. “Heto ang sulat na iniwan ng nanay ng bata.”

Balewala nitong inabot iyon at binasa. She was expecting him to roar, o kahit man lang sana mag-pretend na na-shock ito, pero kahit alin doon ay hindi nito ginawa.

“Ano ngayon kung may sulat kang dala para sa ’kin?”

Napahawak siya sa kanyang noo at nanggigigil na napatitig dito. “Dinala ko ang bata para ibigay sa ’yo.”

“Wala akong balak kunin ang bata.”

“Nikkon is your son!”

“Hindi ako naniniwala.”

“Wala akong pakialam kung naniniwala ka o hindi. Basta ang gusto ko ay kunin mo ang bata.”

“Puwes, wala rin akong pakialam sa bata.”

“Gosh, you’re driving me crazy. Iniwan sa labas ng bahay ko ang batang ito. And I can’t keep him. I have my work to consider. Hindi ko siya kayang alagaan. Kaya puwede ba, have some balls and accept your son?”



“Nice story. Puwede na sa teledrama.”

“Patunayan mo sa aking may balls ka. Kunin mo ang anak mo at akuin mo ang responsibilidad mo sa kanya.”

“I can show you my balls without taking that baby.”

“P-pervert!” She flushed even more. “He is your son!”

“Hindi ko siya anak.”

“How can you be so sure? Hindi mo ba naisip na sa dami ng nadala mo sa kama, malamang may nabuntis ka?” Napayakap siya kay Nikkon.

“Kung totoong nabuntis ko siya, bakit kailangan pa niyang idaan sa ’yo ang bata? Bakit hindi na lang siya dumerecho sa akin para ipaako ang anak namin?”

“Iyan din mismo ang gumugulo sa isip ko simula pa kagabi. We’re not even related. Not at all.”

“Hindi kaya gumagawa ka lang ng paraan para makalaya sa obligasyon mo sa bata?” Pinaningkitan siya nito ng mga mata. “Maybe he is *your* son. Come to think of it, pabor sa ’yo itong ginagawa mo. You’ll be free to pursue your career and your son will have a bright future.”

Kung may super strength lang siya, kanina pa ito tumilapon palabas ng Pilipinas. “Unang-una, wala akong obligasyon kay Nikkon,” she said, gritting her teeth. “Pangalawa, wala sa plano ko na magkaroon ng anak. At pangatlo, virgin pa ako.”

“Virgin, huh?” Muli itong napangisi.

“Ano’ng nginingisi-ngisi mo diyan?” asik niya.

“I’m not grinning,” nakakalokong saad nito.

“Hindi ako mother material. Magiging kawawa lang sa akin ang anak mo. I’m doing you a huge favor.”

“You’re giving me a huge headache, not a favor.”

“May sulat sa ’yo ang ina ni Nikkon. Isn’t that enough proof? I have nothing to do with your affairs.”

“But now you do. Dahil sa ’yo iniwan ang bata at hindi sa akin. Wala rin akong balak na tanggapin siya hangga’t wala akong nakukuhang pruwera na anak ko nga siya. And for the record, that letter is not solid proof.”

“How about a DNA test? Sa susunod na linggo ay nakatakda akong umalis patungong Africa para sa isang importanteng trabaho. I can’t afford to miss that chance. It could be my big break!”

“Your problem, not mine.”

“Fine. Ayaw mong maeskandalo, di ba? Ako na ang bahala sa DNA test. Just give me a sample that I could use for that test.”

“Okay. I’ll give you a chance to satisfy your curiosity. But you’ll have to find his mom first. Unless you show her to me, hindi ako papayag sa test na iyan.”

“Kung kaya kong hanapin ang nanay ng bata, di sana sa kanya na ako dumerecho at hindi sa ’yo. There’s no way I can find his mom. I’m busy.”

“Then it’s game over. I have to go. Hindi mag-uumpisa ang party hangga’t hindi kumpleto ang mga apo.”

“T-teka!” habol niya. “Paano si Nikkon? May assignment ako dito. Hindi ako makakapagtrabaho nito.”

“That’s for you to solve.”

“That’s unfair! Kunin mo na lang kasi itong anak mo.” Mabilis siyang humarang sa harap nito. “He is your son. Hindi mo siya dapat binabalewala.”

“Wala pang pruweba na anak ko nga siya.”

“Eh, ayaw mo namang magpa-DNA test!”

“Do you really expect me to fall for that trap? For all I know, puwede mong baguhin ang result ng test namin.”

Iniwan siya nitong nakatulala. Tuluy-tuloy itong pumasok sa loob.

---

Hindi niya pinansin ang palihim na tawanan ng mga tao sa paligid niya. She needed to do her job. Kahit magmukha pa siyang tanga dahil habang kumukuha ng mga larawan ay bitbitin-ilapag niya ang bata, wala siyang pakialam. Isa pa, mukhang nasa good mood si Nikkon dahil hindi ito umiiyak habang nagtatrabaho siya.

Pagod siyang napaupo sa silyang nasa back garden. Medyo madilim doon at walang tao. Hindi siya sanay na may alagang bata. Inilagay niya ang carrier ni Nikkon sa katabing upuan.

“What have I done to deserve this?” Mukhang kakain siya ng sangkaterbang sermon sa editor niya pagbalik niya. “Nikkon, what should I do?”

“Go home,” sabat ni Artemio mula sa likuran.

She rolled her eyes. “Hindi ako uuwi hangga’t

hindi mo tinatanggap ang batang ito.” Itinuro niya ang baby.

“When will you give up?” Umupo ito sa tabi niya.

“I won’t. Future ko ang nakasalalay rito.”

“Why are you doing this?”

“I have to. Hindi puwedeng akuin ko si Nikkon. Ni hindi ko siya kadugo.”

“Ano’ng gagawin mo kapag hindi ko siya kinuha?”

She smiled wickedly. “Nakikita mo ba kung nasaan tayo?” She looked around. “We are at your territory. May mga reporters, kilalang mga tao, and most especially, narito ang pamilya mo. Kapag tumanggi kang kunin sa akin ang bata, ipagsisigawan ko sa lahat ng mga naririto na ikaw ang ama nito. I’ll tell everyone about the real story. Ano kaya ang kalalabasan?”

Nagtagis ang mga bagang nito. ”Do that and you’re dead.”

“I’m dead as it is. Kaya para makabawi man lang sa ’yo, idadamay na lang kita.”

Anger flickered in his amber eyes. “I’ll pay you. Akuin mo muna ang bata. Habang ginagawa mo

iyon, ipapahanap ko ang nanay niya. Magkano ang gusto mo?”

Halos sumabog ang ulo niya sa inis. Ano ang gusto nitong palabasin, na kaya siya gumagawa ng istorya ay para perahan ito?

“Jerk! Hindi ko kailangan ng pera mo!”

“Then why are you doing this? Dammit!” Huminahon ito. “Okay. Ganito na lang. Pag-usapan natin ang tungkol sa bata.”

“Kanina pa tayong nag-uusap. And so far, wala pa tayong napag-uusapang matino,” aniya.

“What do you expect me to do? Hindi ko puwedeng iuwi ang bata at sabihing, ‘*Hey, guys! Iniwan sa akin ito ng kaibigan ko. Alagaan ko daw muna.*’ My family will kill me.” Napailing ito. “My mother will beat them to it.”

“I have an idea. Madami kang pera, di ba? Hire a nanny for Nikkon, ’tapos itira mo somewhere far. Bahala ka. But he can’t stay with me.”

Naantala ang pagsagot nito nang biglang pumalahaw ng iyak si Nikkon. Natatarantang binuhat niya ang bata. She hummed Nikkon’s favorite song—*Daydreamer*—iyong kanta sa commercial ng ice

cream na narinig nito kagabi sa TV.

“I’m sorry,” anas niya.

“Bakit ka nagso-sorry sa ’kin?”

“Hindi sa ’yo. Kay Nikkon. He understands what he hears.”

“No, he doesn’t. Wala pa nga yatang isang taon ’yan.”

“Naiintindihan niya. Kaya mag-ingat ka sa sinasabi mo.”

“He’s just a little freak who—”

Muling pumalahaw ng iyak si Nikkon. Inis na sinipa niya sa paa si Artemio. “I told you to shut up, didn’t I? Kita mo na? You made him cry again,” paninisi niya.

Tumahik naman ito. She started humming again. They waited until Nikkon finally stopped crying.

“H-hindi mo ba siya puwedeng kunin at paalagaan?”

Tila pinag-isipan nito ang suhestiyon niya. Napatingin siya kay Nikkon. He was looking at her. Nang mapansin nitong nakatitig siya rito ay humagikgik ito. She smiled.

“He likes you.”

Napalingon siya kay Artemio. “Sure, he does. Tinatawanan niya ultimo pagsusungit ko.”

“Why don’t you just take care of him? Ako na ang bahalang magpahanap sa ina ng bata.”

“May trabaho ako. Most of the time, eh, nasa labas ako ng bahay. Do you see this?” Itinuro niya ang kanyang mga mata. “Ni hindi ako nakatulog kagabi dahil sa kanya. Mamamatay ako sa pag-aalaga kanya.”

“Pero hindi ko siya puwedeng kunin.”

“Bakit hindi, eh, anak mo siya?” inis niyang sigaw.

“Anak ni Ayt ang batang iyan?”

“Ate Liezel?” bulalas ni Artemio. Kagaya niya ay nanlaki rin ang mga mata nito.

---

“Answer me. Totoo ba ang narinig ko na ikaw ang ama ng batang iyan?” nananantyang tanong ni Liezel.

Nagkatinginan sila ni Artemio at halos magkapanabay na napalunok. Liezel sure looked like she was ready to eat them alive. Wala sa loob



na napahigpit ang hawak niya kay Nikkon. Tumabi si Artemio sa kanya bago hinarap ang kapatid. Pasimple niya itong siniko at pinandilatan.

“Artemio De Calibre, sumagot ka!”

Napakislot siya dahil sa pagsigaw ni Liezel.

Napangiwi si Artemio at napakamot sa ulo. “Ate Liz, calm down. Ano ka ba?” He let out an awkward laugh.

“Hindi ako nakikipagbiruan sa ’yo, Ayt.”

Pinigil niya ang sariling matawa sa hitsura ni Artemio nang mga sandaling iyon. The arrogant artist looked so scared in front of his eldest sister. Napasimangot siya nang makitang pinaningkitan siya nito ng mga mata. She rolled her eyes.

“You...” Binalingan siya ni Liezel. “...ikaw na lang ang sumagot. Totoo bang si Ayt ang ama ng bata?”

It was then her turn to feel scared.

“Sagot!”

Napasinghap siya sabay napatango dahil sa sobrang kabiglaan. “Yes! Siya nga ang ama ng bata.”

Isang malakas na ungol ng pagtutol ang narinig

niyang nagmula kay Artemio. Napasinghap si Liezel.

“Magpaliwanag ka, Ayt,” anito.

“Ate, hindi mo naiintindihan.” Nag-aalalang lumapit si Artemio kay Liezel. “This is just a misunderstanding.”

“You, explain,” utos ni Liezel, sa kanya nakatingin.

Ngunit agad sumabat si Artemio. Her eyes widened when he placed a hand on her shoulder. Lalo na nang hapitin siya nito palapit sa katawan nito.

“Yes, ako nga ang ama ni Nikkon. And this girl here... is Nikkon’s mom.”

Halos panawan siya ng ulirat nang marinig ang kasinungalingan nito. Nakita niyang namutla si Liezel. Natutop pa nito ang bibig at sunud-sunod na napailing. “What you have done?” bulalas ni Liezel.

“T-teka... hindi totoong ako ang—”

“Handa akong panagutan siya,” ani Artemio bago niya naituloy ang sasabihin.

“P-panagutan?” nakangangang baling niya sa lalaki na seryosong-seryoso ang mukha.

“Dapat lang! Wait until the rest of our family hear about this. God, baka sakalin ka ni Lola Auring.”

Mariin siyang napapikit. Nakakawindang ang usapan ng magkapatid. Tila nakikiramay na pumalahaw ng iyak si Nikkon.

Iiling-iling na kinuha ni Liezel ang bata mula sa kanya. “Kawawa naman itong pamangkin ko. Once the party’s over, kakaliskisan namin kayo nang buhay. For the meantime, akin muna itong si...”

“N-Nikkon,” she supplied.

“Yes, Nikkon. Huwag mo na ulit ilalagay ang pamangkin ko sa carrier na iyan,” anito bago umalis at tuwang nagtungo pabalik sa party.

Naiwan silang tulala. Nang magtama ang tingin nila ay hindi niya napigilang hambalusin ito ng dala niyang bag ni Nikkon. Nakangiwing sinalag nito ang mga atake niya.

“Stop it! Dammit, I said stop it!” pigil nito.

“Bakit mo sinabi iyon, ha? Alam mo bang maaari akong mamatay dahil sa ginawa mo? Papatayin ako ng boss ko, ng kuya ko at ng buong sangkatauhan!”

“Ako ang mamamatay kung hindi ko ginawa iyon.”

Nahahapong napasalampak siya sa damuhan. “You selfish jerk. Idadamay mo pa ako,” she grunted.

“I had to do that.” Napakamot ito sa ulo bago naupo sa tabi niya. “You don’t know my family. Papatayin nila ako kapag nalaman nilang—”

“May nabuntis ka ’tapos hindi mo pinanagutan?”

“That’s not the case here, is it? Hindi pa tayo sigurado na anak ko nga si Nikkon. We have yet to prove that. Dammit, why did Ate Liz have to overhear us?”

“Kasalanan mo ito, eh. Kung hinayaan mo na lang sana akong magpaliwanag kanina, di sana tayo namomroblema ngayon. Hindi ka kasi nag-iisip!”

“Bali-baliktarin man natin ang sitwasyon, ako’t ako pa rin ang dehado. Tiyak na mapaparusahan pa rin ako dahil sa pagiging palikero ko. They might even believe Nikkon’s mom and her weird story.”

“Eh, bakit mo ako kailangang idamay?”

“Dahil ikaw talaga ang puno’t dulo ng lahat ng ito. Hadn’t you showed up, wala sana tayong dalawa sa ganitong klase ng sitwasyon. It’s all your fault.”

“Ako pa ang sinisisi mo? Kung dika nakikipaglandian sa mga babae, di sana wala kang nabuntis. Di sana walang Baby Nikkon na bumulaga—”

“Kahit magsisihan tayo ngayon, wala na rin

tayong magagawa. I can't fight back. We can't."

"You crazy jerk with no balls and backbone!"

"You have to help me with this."

"Why should I?"

"My family has had enough of scandals. Can't you just understand na ayaw kong saktan ang pamilya ko sa ganitong paraan? Knowing about Nikkon will break my mother's heart. Ayokong ma-disappoint siya sa akin."

Natigilan siya at napatingin rito. Nabalitaan niya ang pagsulpot ng dalawang bagong miyembro sa pamilya ng mga ito—sina Hans at Ken De Calibre. Iyon ang eskandalo na tinutukoy nito.

Mahal na mahal siguro nito ang ina. Hindi niya alam kung bakit siya napangiti.

"P-pero paano kita tutulungan?" Ang tanong, why was she even considering it?

"I'll hire a private investigator para hanapin ang nanay ng bata." Walang sabi-sabing humiga ito sa damuhan. "At habang nag-aantay, we'll have to make my family believe about *us*."

"Do you really have to drag me into this mess?"

“Will you help me, please? Tatanawin ko itong malaking utang na loob.”

She sighed. “Ang daya mo, paano ang photo assignment ko sa Africa?”

“I’ll make you a deal. Oras na matapos ang gulong ito, I’ll sponsor an all expense paid expedition for you—kahit saan mo gusto. At kapag maganda ang trabaho mo, I may even consider putting your work in my gallery.”

Napalabi siya. “Totoo?”

“Seriously? I don’t know why I am doing this. Pero pangako, that trip to Africa is yours after this ordeal.”

Napangiti siya. “Okay. Siguro naman, sa dami ng pera mo, matagal na ang one week para mahanap ang nanay ni Nikkon. ”Tapos one week din para isagawa ang paternity test. Two weeks doesn’t seem that bad.”

“Sana nga.” Tumagilid ito ng higa at hinarap siya. “Pero bago tayo magpanggap, kailangan muna nating mag-isip ng isang kapani-paniwalang kuwento tungkol sa atin. Come to think of it, I don’t even know your name.”

“My name’s Zia Prado. Isa akong photojournalist

at staff photographer ako sa *Manila Empire*. I love travelling, lalo na sa mga liblib na lugar. I love animals, kaya kita nagustuhan.” She grinned.

His eyes narrowed. “Ano’ng gusto mong palabasin?”

“I’m just kidding,” natatawang saad niya. “Ang pikon mo. Anyway, so ’ayun nga. Nagkakilala tayo sa ospital.”

“You were my stalker.”

“Stalker, my foot,” angil niya. “Nakita mo ako sa ospital, doon sa elevator. Nagkasabay tayo. At dahil maganda ako, na-love at first sight ka sa akin.”

Napaismid ito. “Hindi iyan kapani-paniwala. I’ve seen a lot of beautiful women around the world. Ni wala ka sa kalingkingan ng mga nakilala kong babae. Kaya paano sila maniniwalang nagandahan ako sa ’yo? At na-love at first sight pa? Are you kidding me?”

“Kailangan mo talaga akong laitin?”

“I am just stating a fact.”

“Fact? That’s not a fact! For your information, sa ganda kong ito, madami nang nabighani.”

“Animals, right? Sino? Si King Kong? Si Pong

Pagong?”

Naiinis na tinampal niya sa braso ang tatawa-tawang lalaki. “Sige nga, ikaw ang mag-isip ng kuwento.”

“Nagkita tayo sa ospital. Kinuhanan mo ako ng picture dahil sobrang guwapo ko. Dahil doon ay nairita ako at inaway kita. Later did I know na paraan mo lang pala iyon para mapansin kita. Then we got the chance to know each other and fell in love.”

“Kailangan ba talagang ako ang magmukhang patay na patay sa ’yo?” reklamo niya.

“Mas maniniwala sila sa kuwento ko kesa sa ’yo. Isa pa, mas malapit iyon sa nangyari sa totoong buhay.”

She sighed. “Okay, fine. Panalo ka na.”

“Paano ’yung tungkol sa bata?”

“We broke up last year. I didn’t tell you about Nikkon. Ngayon mo lang nalaman na may anak tayo. Ayoko nang palalain ang sitwasyon natin. Sasabihin kong hindi na maibabalik ang dating samahan natin. Na kaya lang ako nagpakita sa ’yo ay para ipaalam na may anak tayo. Hindi mo ako kailangang panagutan.” She grinned.



Napangisi ito. “I think that might work.”

“Malalagot talaga ako sa boss ko. Ni wala akong nakuhang matinong shot. Oh, I’m doomed.”

“May oras pa. We can go back to the party now.”

“Mabuti pa nga. Nag-aalala rin ako kay Nikkon. Baka umiiyak siya.”

“Papadedehin mo?” Dumako ang nakakalokong tingin nito sa dibdib niya. Pagkuwa’y ngumisi ito.

Naasar na tinampal niya ito. “Tigilan mo ako ng kamanyakan mo, ha!” Padabog siyang tumayo.

“Binibiro lang kita.” Natatawang tumayo rin ito.

“Hindi tayo friends para biruin mo ako ng ganyan.”

“We’re supposed to act as lovers.”

“Correction. Ex-lovers na may galit sa isa’t isa.”

Naiiling na sumunod na lamang ito sa kanya. Pero pagbalik nila sa party, obvious na tapos na ang kasiyahan. Nakaalis na ang huling shuttle na para sa piling guests at reporters. Dapat ay kasama siyang tutuloy sa hotel kung saan may accommodation ang lahat ng bisita.

“Mabuti at narito na kayo.” Tinig iyon ni Aurora.

Napadako ang tingin niya kay Nikkon na kasalukuyang hawak ni Cadbury, kapatid ni Artemio. Nang makita siya ni Nikkon ay agad nitong iniangat ang mga kamay patungo sa kanya. Napangiti siya.

“Mukhang nami-miss na ni Nikkon ang mama niya,” nakangiting sabi ni Cadbury. Lumapit ito at ibinigay ang bata sa kanya.

Humagiggik si Nikkon nang mailipat ito sa mga bisig niya.

“Artemio, magsalita ka.”

Hinarap nito ang abuela. “I guess, nasabi na ni Ate Liezel sa inyo.”

“I want to hear it from you.”

“Lola, let’s wait for Tay Shan and for Mommy Angel,” ani Liezel. “Papunta na sila rito.”

“I can’t wait for them. Talk, Artemio.”

“N-Nikkon, is my son.”

Everybody’s expression remained formal. Tila handa na ang mga ito sa balita dahil wala sa mukha ng sinuman ang pagkagulat. Nanatili siyang nakatayo sa tabi ni Artemio.

“Is it true?”

Parang iisang taong napatingin sila sa pinagmulan ng tanong na iyon. It was none other than Persian De Calibre. Kasama nito ang asawa—si Angelica.

“T-Tay!” halos mautal si Artemio.

“Answer me. Totoo ba ang narinig ko?” Dumagundong ang malagom na tinig ng tinaguriang hari ng mga De Calibre.

“Y-yes, ’Tay. Anak ko si Nikkon.”

Naghari ang katahimikan sa loob. Pigil-hiningang hinintay ng lahat ang susunod na sasabihin ni Persian. Angelica, his wife, worriedly looked at Artemio. Pinigilan nito ang asawang lumapit sa anak nang magtangka ito.

“Ano ngayon ang balak mo?” tanong ni Persian.

“Handa akong akuin ang anak ko.”

“And what about the mother of your child?” Dumako ang tingin ni Persian sa kanya.

Bagaman natatakot ay pinili niyang magmatapang. Sinalubong niya ang tingin nito. “We’ve decided to share custody of our child, Sir,” magalang niyang sagot.

*Sweet Scandal - Eunice Xyra*

---

“W-what do you mean?” kunot-noong tanong nito.

“I am willing to give up Nikkon. Payag po akong ibigay ang anak ko kay Artemio para sa future ng anak namin.